Ano ang LINC?

Ang LINC ay isang programang pagsasanay sa wikang Ingles, may pondo mula sa Pamahalaan ng Canada, sa pamamagitan ng Kagawaran ng Pagkamamayan at Imigrasyon (Department of Citizenship and Immigration).

Sa mga rehiyon ng Peel and Halton, ang mga klase ng LINC ay pinagkakaloob ng mga ahensiyang nakahimpil sa kumunidad, mga hunta ng edukasyon at mga kolehiyo, na siyang bumubuo ng Samahang LINC sa Peel at Halton.

Ang Aming Layunin:

Upang magkaloob ng pagtuturo ng wika sa may mga wastong gulang na mga imigrante na gustong matuto ng Ingles o mapabuti ang kanilang mga kasanayan sa wikang Ingles.

Mga Kliyenteng Nararapat:

- Nasa wastong gulang, 18 taong gulang at mas matanda pa
- Mga Imigranteng lehitimo o Convention Refugees
- Nasa wastong gulang na naninirahan, nagtatrabaho o lilipat sa rehiyong Peel o Halton
- Ang mga kliyente ay kailangang magdala ng orihinal na papeles ng imigrasyon sa nakatakdang pagtatasa

Mga Serbisyo:

Ang isang pagtasang panayam ay patunay ng pagkakarapat ng kliyente, pagtiyak ng kasalukuyang kakayahan sa lengwaheng Ingles ng mga nasa wastong gulang na mga imigrante, at ang pagtugma ng kanilang mga pangangailangan sa nararapat na napiling pagsanay sa wika.

Mga Oras ng Assessment Centre:
- Lunes hanggang Biyernes
- 8:30 n.u. hanggang 4:30 n.h.
  G*abi at Sabado ay maari din…tumawag para sa impormasyon!*

Mga Klase ng LINC:
- Buong araw o Pansamantala
- ginaganap sa Umaga, Hapon, Gabi o Sabado o Linggo
- naka-pokus sa pagpapabuti ng pagsalita, pagbasa, pagsulat at mga kasanayan sa Pakikinig
  Kasama ang pagsasanay sa wika sa tulong ng kompyuter!
- mula **Literacy hanggang Level 7**
- inaalok sa mga sumusunod na lokasyon:
  - Brampton
  - Burlington
  - Caledon
  - Halton Hills
  - Malton
  - Milton
  - Mississauga
  - Oakville

  Ang ilan sa mga lokasyon na ito ay maaring makabigay ng pampublikong sakayan at/o tulong sa pag-babantay ng bata.

Ang Home Study Program ay maari rin para sa mga hindi makasali sa pangkaraniwang mga klase ng LINC. Mayroon ding mga klase sa Ingles na magagamit ng mga bingi at may-kahirapan-sa pandinig na mga kliyente.